
# MGA BAHAGI NG PANGUNGUSAP/KATANGIAN NG MGA TAUHAN

*Magandang Araw sa iyo!*

*Mahilig ka bang bumasa ng kuwento? Sa modyul na ito, ikaw ay may mga kuwentong babasahin na makapupukaw sa iyong kaisipan.*

*Matapos mo itong pag-aralan ikaw ay inaasahang nakagagamit ng mga pangungusap na may*

- *Iba't ibang bahagi sa pagbibigay ng paliwanag.*
- *Makapaglalarawan na ng katangian ng tauhan batay sa pananalita at pagkilos na isinasaad ng kuwento.*
- *Makasusulat na ng sariling impresyon hinggil sa mga ikinikilos ng mga tauhan sa akdang binasa.*



## Pagbalik-aralan

**Basahin mo ang sumusunod na mga pangungusap.**

1. Nahihirapan si Fe dahil namimili pa ng paninda bago pumasok sa paaralan.
2. Tumutulong siya sa kanilang tindahan dahil walang katulong ang ina.
3. Nagtitinda muna siya sa tindahan bago pumasok sa paaralan

Sagutan mo ito:

Alin ang paksa at panaguri sa mga pangungusap. Bilugan mo ang simuno at guhitan ang panaguri na ginamit sa pagpapaliwanag.

1.
2.
3.

Ganito ba ang naging sagot mo?

1. Nahihirap Si Fe dahil namimili pa ng paninda bago pumasok sa paaralan.
2. Tumutulong siya sa kanilang tindahan dahil walang katulong ang ina.
3. Nagtitinda muna siya sa tindahan bago pumasok sa paaralan.


Alam kong inspirado ka sa pagsulat.

Sagutin mo sa sagutang papel ang mga tanong. Ang iyong magiging sagot ay kinakailangan mong gamitan ng paksa at panaguri na maypaliwanag.

1. Bakit umiyak si Lito?
   Umiyak si Lito __________________ .
2. Sino-sino ang pumasok sa paaralan?
   Sina Lucy at Jess ay ________________ .
3. Paano nabasag ang paso sa bintana?
   Nabasag ang paso sa bintana ____________________ .

## Pag-aralan Mo

### Ang Mag-ama



Noong unang panahon, sa isang malayong nayon sa Palawan ay may isang Radya na namumuhay kasama ang kaisa-isang anak na lalaki, si Raile. Radya ang tawag sa isang pinuno o lider ng isang tribu.

Isang araw, naisip ng mag-ama na mangaso. Isang mahabang silo ang kanilang dinala at iniwan sa gubat. Pagkaraan ng tatlong araw ay binalikan nila ang silo. Tuwang-tuwa ang mag-ama nang makita ang laman ng silo. Isang napakalaking ibon ang nasilo nila. Piyak-piyak kung tawagin ang ibong ito. Sa hindi inaasahan biglang nangitlog ang ibon. Isang napakalaking itlog ang nakita nilang nahulog.


Walang paglagyan ng tuwa ang anak ng Radya na si Raile. Dahil sa hindi nila kayang dalhin ang ibon at itlog, ipinatawag ng Radya sa anak ang ilang mga tauhan sa tribu. "Sige, katayin ninyo ang ibon. Iluto ito at bigyan ang lahat sa tribu. Biyakin din ninyo ang itlog at paghati-hatiin ang laman para makatikim ang lahat," utos ng Radya.

Ganoon na lamang ang kasiyahang nadama ng mga katribu ng Radya.

(*Hinango sa kuwentong may pamagat na "ANG MAG-AMA" sa Mga Kwentong Palawan at Molbog ng PSWF, PSU, Lungsod ng Puerto Princesa.)*

Naibigan mo ba ang kuwento?

Ngayon, handa ka na bang sagutan ang mga tanong tungkol sa kuwento mong binasa? Gagamitan mo ng “character web” ang mga tauhan sa kuwento.




Mga tanong :

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano ang kanilang katangian?
3. Ano ang ginawa ng mag-ama sa ibon? sa itlog?
4. Ano ang nadama ng mga nasa tribu sa ginawa ng mag-ama?
5. Bakit kaya nila naisipan na ipakain ang kanilang huli?

Ganito ba ang iyong sagot.

1. Ang mag-ama ay sina Radya at Raile.
2. Mabait at may mababang loob sila.
3. Pinakatay ang ibon at ipinaluto, pinabiyak ang itlog at pinaghati-hati.
4. Naging masaya ang mga kasama nila sa tribu.
5. Kaya ginawa ng mag-ama ang gayon dahil sila ay may magandang pakikisama sa mga taga tribu at lahat sila ay nakikiisa sa kanila.

Kaya mo bang gawin ito?


Isulat mo sa sagutang papel ang katangian ng bawat isang tauhan sa nakakahong talata.

| |
|---|
| 1. Maagang gumising si Rosa. Nililinis muna niya ang kanyang silid at pagkatapos ay pinakakain ang alaga niyang aso. Tinutulungan din niya ang kanyang ina sa paghahanda ng pagkain |

| |
|---|
| 2. Si Perla ay kinagigiliwan ng kanyang guro at mga kamag-aral. Maayos at may laso ang kanyang buhok. Malinis at maigsi ang kanyang mga kuko. Malinis din ang kanyang suot na uniporme. |

3. Laging nangunguna sa klase si Ramon. Handa siyang lagi sa mga aralin. Hindi niya kinalilimutang gawin ang mga takdang-aralin. Nag-aaral siyang mabuti. Pagbabasa ng mga aklat ang kanyang libangang gawain.

Marami kang dapat tandaan.



## Isaisip Mo

Ang katangian ng mga tauhan sa kuwento ay napapaloob sa mahahalagang detalye na kinakailangang mabigyang pansin ng isang bumabasa nito. Ito rin ay nakakatulong sa pag-unawa sa nilalaman ng kuwento.

Ngayong alam mo na kung paano mo maibibigay ang katangian ng mga tauhan sa kuwento maaari mo nang gawin ang kasunod na pagsasanay.



## Pagsanayan Mo

**Basahin mo ang talambuhay.**

### LAPULAPU MATAPANG NA PINUNO

Si Lapulapu ay isang matapang na pinuno sa nayon ng Mactan. Siya ang kauna-unahang Pilipino na tumangging makipagkasundo sa mga dayuhan. Nabalitaan niya ang ginawang pagsunog ng pangkat ni Magellan sa karatig nayon. Kung kaya't nawalan siya ng tiwala sa mga dayuhan. Alam ni Lapulapu na ibig ni Magellan na sakupin ang kanilang nayon para sa hari ng Espanya. Sa pangunguna ni Lapulapu, nagkaroon ng madugong labanan sa dalampasigan ng Mactan. Ito'y nagwakas sa pagkamatay ni Magellan.

Alam kong lubos na lubos na ang iyong pang-unawa, kaya maisusulat mo na ang katangian ng mga tauhan sa binasa mong kuwento.

Isulat sa kuwaderno ang sagot mo.

1.
2.
3.
4.

Inaasahan kong ganito ang sagot mo.

1. Matapang si Lapulapu.
2. Ayaw niyang makipagkaibigan.
3. Mahal niya ang kanyang bayan.
4. Mabuti siyang lider.



## Subukin Mo

**Isipin mong mabuti ang katangian ng bawat tauhan sa maikling talatang nakakahon.**

**Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.**

1.

| |
|---|
| Alas singko ng hapon. Naglalabasan na ang mga pumapasok sa opisina at sa paaralan. Pumipila ang mga pasahero. Dumating si Roy, maraming nakapila. Nagmamadali siya dahil may “party” siyang dadaluhan. Ngunit sumusunod siya sa patakaran at nagtiyagang pumila |

Anong uri ng tao si Roy?

a. masipag
b. mabait
c. masunurin

2.

| |
|---|
| “Matulog ka na anak, mapupuyat ka. Maaga pa ang pasok mo.” |

Anong uri siya ng ina?

a. mabait
b. maaalahanin
c. magalang

3. Tahan na, Anak. May masakit ba sa iyo? Ang mabuti pa ay ipaghele kita.

Anong uri siya ng tao?

a. mapagmahal
b. masunurin
c. masungit

4. Naglalaro si Roy. Nakapulot siya ng pitaka. Ang sabi niya, "Ay, may pangalan pala, Lito Lopez. Hahanapin ko at aking isasauli.

Si Roy ay

a. matapat
b. magaling
c. mapagmahal

5. Araw ng Sabado, walang pasok. Ang mga kapatid ni Ramon ay maagang gumising, may nagdidilig ng halaman, may nagwawalis at may naglilinis ng bahay. Ginising si Ramon ng kuya, "Gising na Ramon, isasama ka raw ng Tatay sa bukid."

"Ikaw na lang, inaantok pa ako." wika ni Ramon.

Si Ramon ay

a. masipag
b. tamad
c. masinop

## Isulat Mo

Batay sa mga katangian ng mga tauhan sa kuwento at talata, ngayon naman ang impresyon hinggil sa ikinikilos sa talatang nakakulong sa ibaba. Sipiin sa kuwaderno.

Handa ka na ba?

> Isang empleyado si Ramon sa isang maliit na kumpanya. Maliit lang ang kanyang kita. Isang araw, maaga siyang pumasok, at di sinasadya nakapulot siya ng pitaka, agad hinanap ang may-ari at isinauli.

Isulat ang impresyon mo.